

Mula sa **ENGKANTADO**

Mark Angeles

BAGRAS

Sa tabi ng ilog, isang bagras:
tinatastas
ang sarili
sa pagkakabuhol.

Isang balangaw
na walang hanggang nagpapalit
ng sarikulay.

Maharlikang hinahalinhan
ang maringal na kasuotan.

Hindi mo ito mamamalas
na bihis
ang kaparis na puntas.

Kusang humuhulagpos ang damit.

Ginugutay ang upak
upang maitanghal
ang matingkad na luntian
na nangungutim
sa pagkamanibalang

hanggang sa matambad
ang mga retaso ng lila, kahel, at bughaw.

Maluwag sa loob na tinatanggap
 ng ilog ang mga pilas nitong inaanod
 bilang pagkain
 ng kinakandiling mga lalang;

sinusupsop ang dagtang hilaw

na sangkap
 ng mga likhang-goma.

Sa tabi ng ilog, isang lumad:
 sinasalok ang tubig
 sa magkasalikop na mga kamay.

Tinggayad na nababasag sa alimbukay
 ang kaniyang mukha.
 Gumugulong papalayo
 ang mga laylayan ng rabaw:

maninipis na alingawngaw sa salamin
 ng sansinukob.

Mga busog itong umiilandang kasunod
 ng mga pinawalang palaso
 sa mausok na kalangitan

na hindi dagim kundi dapog
 ng petrolyong nasusunog.

Sa tabi ng ilog, sumabay sa pag-awit ng aliw-iw
 ang bagras—isang kumintang – sa saliw
 ng kulintang, tagongko, at kapanirong;
 sa sagalsal ng kutiyapi, dayuday, at daguyung.

Nagayuma ang lumad sa budyong. Nahiraya sa sanghaya.

Inapuhap ang kampilang nakasukbit sa baywang ng historya.

Muli, naghunos ng damit ang bagras.

Naghunos nang naghunos.

Hinaplit ng siyam-siyam

ang matandang ilog

ngunit hindi natinag

ang lumad na nakakapit

ang titig at pananalig

sa liwanag

ng sahing ng bagras

na walang humpay sa pagdanak

mula pagsibol hanggang awanggan.

BALUKANAG

Isipin mo ang bartolina,
ang impiyerno ng karsel, ang pag-iisa.

Isipin mo ang isang piraso ng bakal,
walang patid na palutang-lutang

sa milya-milyang latag ng karagatan.
Mistulang walang katapusan.

Iwinawasiwas ng bawat araw, oras, at sandali
ang pananabik ng unang pagsampa sa barko.

Inuumay ng ilang dipang dampa ang panatang
mahagkan ang lupa ng mga dinadaungang bansa.

Pagpalaot, lantay na dilim ang inaabot
ng kakarampot na pukol ng paningin.

Sumisigid sa buto ang lamig ng hangin
at laging may banta ang dagim

ng paparating na unos: buwisitang
pumapanaog pagsarhan man ng pintuan.

Isipin mo ang bulwagan ng mga baliw.
Nakapaglakad ang mga apostoles sa tubig

habang kami ay pinuputakti ng mga hagalgal
na tumalon sa bangin ng pagkalunod.

Labas-masok ang mga ipis sa mga butas
ng bakal na nginangatngat ng kalawang.

Nanganganib ang barkong lumubog.
Nangangamba kaming magkaluslos.

Isipin mo ang pagkabagot at lumbay
na pilit naming pinapaslang

sa pagbabasa, pagtulog, pagsusulat
ng mga liham. Sa babae, bisyo, at alak.

Kinulimbat ng paglalayag ang sagalsal
ng aguhon sa aming dibdib.

Hindi mapapalis ng karaniwang sabon
ang alat ng hangin at tubig sa balat.

Kaya sumusuling kami sa balukanag
na humuhugas sa pagkakasala ng dagat.

DAPDAP

Pumupusag-pusag ang mga dumalagang dahon
sa aking mga sanga na tila kawan ng mga salmon
at ako ay isang gasang sa bughaw na dalampasigan.

Maya-maya lang, magdiringas ang aking mga tangkay.
Maglilitawan ang mga mainiping palong ng katyaw.
Nakamasid sa kaligiran ang kanilang mga butong mata.

Panahon ito ng pamumukadkad ng mga iskarlatang
taluktok ng mga bulaklak na siyang aking korona:
ang kagampan ng pagpapala ng aking santuwaryo.

Aranya akong pinamamahayan ng mga *engkanto*,
mga makikisig na lalang na nag-iibis ng bangong
bumibighani sa mga mortal para sila silain.

Maging ng mga *kibaan* na may mga gintong ngipin
at maibigin sa mga punungkahoy na maningning;
pinagniningning ng laksa-laksang mga alitaptap.

Sa paglatag ng kapanglawan ng gabi, magliliwanag
ang aking mga sanga na tila ako ang nagpapaliyab
ng aking sarili para ipahayag ang aking kalooban.

Ipamamalas ko ang aking angking kapangyarihan.
Hindi nga ba't pinansusuob ako ng mga babaylan
sa kanilang mga ritwal? Ipinaiinom sa mga maysakit?

Nagsisilbing pangontra sa barang? At ang aking siit
na dinapuan ng alitaptap ay may birtud na pang-akit?
Hindi ba't ako rin ang kumukupkop sa mga patay?

Mula sa sidhi ng alab ang aking ilang na kalikasan
kaya't langkay ng apoy ang sa akin ay humahapay.
Tulad mong nakayapos sa banakal kong balisaksak.

TALISAY

Matiim ang tindig ko mula sa sentro
 ng inusbungan kong semilya.
 Mistulang labaha o espadang
 iniluwa ng bibig ng lupa:
 nakaumang ang tungki sa alangaang.
 Palapit nang palapit ako sa langit.
 Akala mo inaasinta ko ang lawas
 para bulagin ang matang namumuo
 sa saligutgot ng papawirin.

Ngunit hindi ito ang kaluwalhatian
 para sa akin—akong nakatulos
 na hindi nahuhutok ni humahapay.
 Kundi ang marating ang eksaktong edad
 na ako ay simulang banghayan ng mga sanga;
 sibulan ng masigabong pilyego ng mga dahon.
 Ang maging ganap na punungkahoy:
 luntian at hitik sa bunga at bulaklak.

Kinawiwilihan ng mga paniki at bayakan.

Kung sakali mang isang peregrino
ang magpalagay na ako ay isang pagoda
dahil sa aking labay na mistulang sapote
ng mga payong na umiikit sa aking tarong,
mag-apuhap kung saan sa aking tahip
nakatabi ang mga labi ng mga banal,
mapararangya ko lang ang kolonya
ng mga hantik at kuwitib na namamahay
sa nahungkag na saray ng aking katawan.

Maging ang kampon ng mga aswang
na kumakanlong sa aking mga labay,
nananahan sa kaibuturan ng aking banakal,
ay lilisan din pagdating ng takdang araw.
Abangan ang pagpapalit ng aking damit
sa tagbisi: bagwisan akong pula, tanso, ginto.
Ang pagbitaw ng unang dahon sa aking tangkay.
Mapapanot ako pagdating ng Marso
at muli, isang tuod na nakalubog sa hukay.

TINDALO

Gumuhit ang alupihan sa langit
 at inabot ang aking ulunan.
 Parang bendisyon ng Panginoon
 sa aking basyong katawan—
 ako ngayon ang sisidlan ng relihiyong
 nagpaluhod sa mga katutubo
 na yumukod tulad ng kawayan.

Konsagrahin ang aking banal na tarik.
 Akong krus ay kaha ring may tangan
 ng matandang krus ni Magallanes
 na itinarak sa dibdib ng Sugbu.
 Sa loob ko, ang mga labi ng tablang
 piningas-pingas ng mga turista at deboto
 sa palagay na taglay nito ang talisman
 ng saleng na nakalulunas sa mga sakit.

May-sa-bayabas ang aking mga dahong
 nagtatangkang manlanggas sa mga pilas
 ng kasaysayan ng ilang siglong pananakop.
 Pinapaypayan ang dapog ng alingasngas
 na palsipikado ang tangan kong krus;
 na winasak ng mga kampilan ang berdadero
 nang si Magallanes ay kinuyog sa Mactan.

Langhapin ang samyo ng aking balat.
May suob itong insenso at kamanyang.
Hindi ba't tulad ako ng alangaang
na may pintang dugo sa huling alab ng araw
at unti-unting nilulukuban ng luksang kulay?
Tingnan mo, hindang-hindi ako nakukubkob
kahit ng sanlaksa mang hukbo ng anay.

Buksan mo itong kaloob-looban.
Antabayanan ang susungaw
sa aking balagat at tadyang.
Kung ito ay krus na tinilad-tilad
o kulumpon ng mga agiw.